Ligtas ba ang bakuna ng J&J

Ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) ay **itinaas na ang pansamantalang pagtigil** sa paggamit ng bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson (J&J) COVID-19 pagkatapos ng **masusing pagsusuri sa kaligtasan.**

Ano ang Alam Natin

- Sinusunod ng **Virginia Department of Health** (VDH) ang patnubay ng CDC at FDA na **ipagpatuloy ang paggamit ng** bakuna ng J&J.
- May tiwala ang CDC at FDA na ang bakunang ito ay **ligtas at mabisa** sa pag-iwas sa COVID-19.
- Ang **kilalang benepisyo at potensyal ay mas matimbang** kaysa sa kilala at potensyal na panganib nito sa mga taong edad 18 taon at pataas.
- Nakita sa datos na ang tsansang magkaroon ng pamumuo ng dugo na may kasamang pagbaba ng platelet (thrombosis na may thrombocytopenia)* ay **napakababa.**
- Ang CDC at FDA ay **patuloy na magbabantay.**
- Ang pagbabakuna ay **mahalagang paraan para makontrol ang pandemya** at lahat ng 3 COVID-19 na bakuna ay ligtas at mabisa.

Ang ibang mga salik na isinaalang-alang sa pagsusuri sa mga panganib at benepisyo ng pagpapatuloy ng paggamit ng bakuna ng J&J ay:

- **Ang bagong kalagayan** sa mga kaso ng COVID-19 sa U.S.at ibang panig ng mundo
- **Mga variant** na umiikot sa U.S.
- **Pagkaospital at kamatayan** na may kaugnayan sa COVID-19
- **Pantay-pantay** sa pagkuha ng bakuna

***Ang mga babaeng mas bata sa 50 taon** ay dapat alam ang bihira pero mas mataas na panganib ng masamang epekto na ito. May mga ibang bakuna sa COVID-19 na **pwedeng pagpilian** na walang ganitong panganib.

Mag-sign up para sa iyong **libreng** bakuna sa COVID-19 sa **Vaccinate.Virginia.gov** o tumawag sa **877-VAX-IN-VA (877-829-4682).**

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH